

PANGWAKAS NA AWIT

HUMAYO'T IHAYAG

(Francisco-Go-Catalan)

(mula sa *The Best of Bukas-Palad One album and songbook*)

Humayo't ihayag (purihin Siya)

At ating ibunyag (awitan Siya)

Pagliligtas ng Diyos na sa krus ni Hesus

Anf siyang sa mundo'y tumubos.

Koro:

Langit at lupa, siya'y papurihan

Araw at tala, siya'y parangalan

Ating 'pagdiwang pag-ibig ng Diyos sa tanan! Aleluya!

Halina't sumayaw (buong bayan)

Lukso sabay sigaw (Sanlibutan)

Ang ngalan Niyang angkin singningning ng bituin

Liwanag ng Diyos sumatin. (koro)

At isigaw sa lahat, kalinga Niya'y wagas

Kayong dukha't salat

Pag-ibig Niya sa inyo ay tapat. (Koro)

DAAN NG KAPAYAPAAAN

Koro: Panginoon ako'y Iyong gawing daan ng kapayapaan

Nang ang pag-ibig Mo'y maihatid kung saan man may alitan

1. Dadalhin ko'y kapatawaran saan man may kapinsalaan

Ihahatid ko'y pananalig saan man may alinlangan.

2. Dadalhin ko'y kaliwanagan kung saan man may kadiliman

Ihahatid ko'y kagalakan saan man may nalulumbay.

NAIS KONG IBALITA

Koro: Nais kong ibalita ang sa aki'y naihayag

Dumatal na balitang sa 'kin ng kaligtasan

1. Lubha pa rin ang dami nitong mga kapatid ko

Silang wala ng hanap kundi si Hesukristo

Aking ipahahayag ang sa aki'y naganap

Na liwanag ni Kristo sa mundo ay laganap. (koro)

*Mga awit sa MALIIT NA MISAL 2005 TAON A**May 1, 8, 15, 22, 29***DCLM**
musika ng malolos**Diocesan Committee on Liturgical Music, Diocese of Malolos****PAMBUNGAD NA AWIT***May 1 & 8*

PANGINOON AY PURIHIN (Borres-Que)

(mula sa *Himig Heswita 2*)

Koro: Panginoon ay purihin ngalan nya ay dakilain

Panginoon ay purihin ngalan nya ay dakilain

1. Panginoon Ikaw ang may likha ng langit

Dagat at lupa, ng buwan araw at mga bituin

Tanang nilalang sa papwirin. (koro)

2. Lalagablab sa silangan pagmamahal Mo sa tanan

Pag-ibig Mo'y walang hanggan

Ito'y mananatili kailanpaman. (koro)

May 15 Pentecost

LIWANAG NG AMING PUSO

(Tagle-Hontiveros)

1. Liwanag ng aming puso sa ami'y manahan ka

Ang init ng yong biyaya sa amin ipadama

Patnubay ng mahihirap o aming pag-asa't gabay

Sa aming saya at hapis tanglaw kang kaaya-aya.

2. Liwanag ng kaaliwan sa ami'y dumalaw ka kalinga mo ang takbuan noong unang-una pa

Pawiin ang aming pagod ang pasani'y pagaanin

Minamahal kong kandungan sa hapis kami'y hanguin.

3. Liwanag ng kabanalan sa ami'y mamuhay ka

Ang ningas ng yong pag-ibig ang syang magsilbing gabay

Pag nalayo ka sa amin ang tao'y walang halaga

Di namin makakayanang hanguin ang kaluluwa.

May 22 Kapistahan ng Santisima Trinidad
PAGPUPUGAY SA SANTISIMA TRINIDAD
(Faustino-Fr. T. Galman)

Nagpupuri, nagpupugay sa 'yo Santisima Trinidad
Nagpupuri, Nagpupugay, sa 'yo Santisima Trinidad
Luwalhati sa Ama, sa Anak at Espiritu Santo
Iisang Diyos na totoo Wagas, dalisay at tunay
Ama lumikha ng sanlibuta Anak, inialay ang buhay
Espiritu Santo, gabay at patnubay Ganap sa lahat ng bagay

May 29 Kapistahan ng Banal na Katawan at Dugo
ISANG PAGKAIN, ISANG KATAWAN
ISANG BAYAN
(L. San Pedro)

1. Katulad ng mga butil na tinitipon
upang maging tinapay na nagbibigay buhay
kami nawa'y matipon din aat maaging bayan mong giliw.
Koro: Iisang Panginoon iisang katawan
isang bayan, isang lahing saa yo'y nagpupugay.
2. Katulad din ng mga ubas na piniga at naging alak
sino mang uminom nito: May buhay na walang hanggan
kami nawa'y maging sangkap sa pagbuo nitong bayang ganap.

AWIT SA PAG-AALAY

UNANG ALAY
(Fr. R. Magnaye)

Koro: Kunin at tanggapin ang alay na ito
mga biyayang nagmula sa pagpapala mo
tanda ng bawat pusong pagkat inibig Mo
ngayo'y nananalig, nagmamahal sa yo.

1. Tinapay na nagmula sa butil ng trigo/ pagkaing nagbibigay ng buhay mo
at alak na nagmula sa isang tangkay ng ubas/ inuming nagbibigay lakas.
2. Lahat ng mga lungkot ligaya't pagsubok/ lahat ng lakas at kahinaan ko
laalay kong lahat buong pagkatao/ ito ay isusunod sa 'yo.

ANG AMING IAALAY
(Fr. Gboi A. Samonte)

Ang aming iaalay sa 'Yo Panginoon/ ang bunga ng aming pinagpaguran
ang aming maihahandog bukal sa kalooban/ ang tapat na pag-aalay ng buhay
Narito Panginoon ang tinapay at alak/ ang pagkai't inuming sagisag ng buhay
Tanggapin mo at iyong basbasan/ upang sa Iyo kami'y makinabang.

IBA PANG AWIT SA PAKIKINABANG

TINAPAY NG BUHAY
(Belinda V. Garalde- John John Dorega)

Buhay ka Panginoon sa tinapay na ito
Na sa tuwi-tuwina ay tinatanggap ko
Tinapay ka ng buhay at kaligtasan ko
Buong puso akong nananalig sa 'Yo.

Ref: katawan mong mahal dugong mahalaga
Aming pinagsaluhan sa Banal na Eukaristiya
Ano pa kaya ang dapat kong ipangamba
Kapayapaan mong bigay ay sumaakin na.

Wala akong magagawa kung wala ka sa buhay ko
Sapagka't ikaw lamang ang kalakasan ko
Panginoong Hesukristo nawa'y marapatin mo
Ikaw ay Manahan ditto sa puso ko. (Ref.)

NASA TABI KO ANG PANGINOON *Salmo 139*
(Fr. Benny Justiniano) (Minamahal, Nagmamahal)

Koro: Alam kong nasa tabi kita
Panginoon ko sa lahat ng oras
kamay mo ang s'yang nag-iingat sa 'kin
di ko maabot karunungan mong angkin.

1. Siniyasat mo ako at alam ang aking puso
walang maililihim sa 'yo sa 'king gawa
'di ko pa binabanggit iyo na itong batid
sa 'yo anumang isip ko'y di lingid.

2. Sa'n ako paroroon upang matakasan ka
akyatin ko man ang langit
alam kong naro'n ka
ako ma'y makalipad sa dulong dagat mapadpad
dadatnan ko rin pag-ibig mong tapat.

ITO ANG AKING KATAWAN

1. Ito ang aking Katawan handog ko sa inyo
ito ang Kalis ng baging Tipan sa 'king dugo
sa pagtanggap ninyo nito tanggapin nyo ako
at buhay na walang hanggan dulot ko sa inyo.
2. Kanin ang aking Katawang alay ko sa inyo
at inumin dugong binuhos para sa inyo
twing gagawin ninyo ito gunitain ako
at ang buhay na sa bawat tao'y kaloob ko.

AWIT SA PAKIKINABANGMay 1 & 8

SUSUNOD AKO

(mula sa papuring awit songbook #129)

1. Nang ako'y tawagin Mong sumunod O kristo
Ako ay nagpasyang susunod sa 'yo
Sa aking pagtalima inakay mo ako
Ang tamang daan ay natagpuan ko
Koro: Susunod ako O diyos susunod ako
Sa buong buhay ko'y susunod sa 'yo
Tanging sa 'yo lamang ang buongbuhay ko
Susunod ako sa 'yo.
2. Magbuhat nang ikaw ay makilala ko
Ang buhay kong ito'y lubos mong binago
Lungkot ay pinawi pag-asa'y natamo
Nang ako'y magpasyang sumunod sa iyo.

May 15 Pentecost

AWIT NG PAGPAPANIBAGO

(Gutierrez-Jetajobe-Magnaye)

Halina O Dyos naming mahal halina at kami'y baguhin
dinggin mo ang panalangin ng bayan mong dumarangin.
Kami ngayon ay tunghayan naghihina at sugatan
nagkukulang sa pag-ibig at biyayang minamahal.

Halina aming Ama, isugo mo ang Espiritu
nang kami ay matulad sa 'yong Anak na si Hesus.

Pagkatao namin ay baguhin puso namin ay pag-alabin
nang ang mundo ay magbago buhay nami'y alay sa 'yo.

May 22 Santisima Trinidad
PANALANGIN SA SANTISIMA TRINIDAD
(*Yhe Faustino– Fr. Turing Galman*)

Ama, Anak at Espiritu Santo
Kapahayagan ng Pag-ibig mo sa tao
Iisang Diyos makapangyarihan
Kami iyong kahabagan

Santisima Trinidad aming tanggulan
Maawa ka dinggin ang aming panalangin
Biyaya mo't pagpapala nawa'y aming kamtin
Tatlong Persona Diyos na Mahabagin

Maawa ka dinggin ang aming panalangin
Biyaya mo't pagpapala nawa'y aming kamtin
Tatlong Persona Diyos na mahabagin.

May 29 Corpus Christi
TANGGAPIN NINYO (*N. Que*)

(*O Bayan ng Diyos Album and songbook, Bayan Umawit songbook #145*)

1. Tanggapin ninyo ang aking katawan
Na ihahandog Ko para sa inyong lahat.
Saikapagpapatibay ng pagmamahal
Gawin ninyo ito sa pag-alala.
Koro: Maraming salamat, Panginoon,
sa sariling handog Mo sa aminHindi kami karapat-dapat na mag-
patuloy sa Iyo.
Nguni't sa isang salita Mo lamang ay gagaling na kami.
2. Tanggapin ninyo ang Kalis ng Aking Dugo
Na aking ibubuhos para sa inyong lahat
Sa ikapagpapatawad ng kasalanan
Gawin ninyo ito sa pag-ala sa Akin.